N- LIFE

Logo ng Kompanya
Kompanya ng Seguro / Paseguruhan

MICRO INSURANCE
Magpa-seguro para Protektado!

**BAHAY BUHAY KABUHAYAN CASH POLICY ASSISTANCE**
**TALAAN NG PALISI**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pangalan | | Blg. ng Palisi | |
| Tirahan | | Petsa ng Pagpapalabas | |
| | | Petsa ng Pagtatapos | |
| Saklaw ng Seguro | P 10,000.00 (isang bahagi) | Bayad | |

Kapalit ng binayaran na prima[i] at ayon sa mga ipinahayag at hanggahan ng pananagutan, saklaw, mga kondisyon, at iba pang mga ipinatutupad ng palising ito, sumasang-ayon ang Kompanya na bigyan ng Seguro ang nakapangalan sa natamong pinsala na sanhi ng sunog, kidlat, bagyo, baha, lindol o pagkamatay sa aksidente.

______________________________
Kinikilalang Lagda o Awtorisadong Lagda

## MGA KONDISYON NG PALISI

### MGA BENEPISYO O PAKINABANG
Tatanggap ang Nakaseguro[ii] ng indemnisasyon[iii] sa halagang saklaw ng seguro[iv] na nakasaad sa talaan ng palisi[v], sanhi ng pinsala o sira at mga gamit sa loob nito dulot ng sunog, kidlat, bagyo, baha, lindol; o mga tagapagmana kung ang sanhi ng kamatayan ay aksidente.
Sampung libo (P10,000) ang halaga ng bawat bahagi ng seguro at hindi lalampas[vi] sa tatlong (3) bahagi lamang bawat pamilya na may patunay na walang ibang seguro na higit pa ang halaga rito.

### PAGBAYAD NG INDEMNISASYON
Babayaran ng Kompanya ang indemnisasyon ayon sa palising ito sa loob ng sampung (10) araw pagkatanggap ng sinumpaang katibayan ng kawalan.

### TUNGKULIN NG NAKASEGURO SA INDEMNISASYON
1. Sa loob ng makatwirang panahon sa naganap na kawalan, tungkulin ng Nakaseguro ang magsumite ng pahayag ng pinsala.
2. Sa loob ng tatlumpung (30) araw sa naganap na kawalan, tungkulin ng Nakaseguro ang magsumite ng sinumpaang katibayan ng pinsala at sertipikasyon ng kawalan mula sa isang kinikilala o iginagalang na opisyal ng COOP, MBA at MFI.

### PAGTATAPOS NG SEGURO
Magtatapos ang bisa ng seguro sa petsa na nakasaad sa Talaan ng Palisi o sa pagkabayad ng indemnisasyon, alinman ang mauna.

### MALING PAHAYAG O PAGSISINUNGALING
Ayon sa Palising ito, kapag mayroong maling pahayag o pagsisinungaling sa mga ari-arian ng Nakaseguro, walang magiging pananagutan ang Kompanya.

### PANLOLOKO O PANDARAYA
Mawawala ang lahat ng benepisyo ng Palising ito kung may panloloko, o anumang maling pahayag na ginawa o ginamit, o kung may panloloko sa mga pamamaraang isinagawa ng Nakaseguro o sinumang tumayo sa ngalan niya, o kung sinadyang nangyari ang pinsala o pagkasira, o sa pakikikotsaba ng Nakaseguro.

### PAG-ALINSUNOD SA BATAS
Sakali't mayroong mga kahingian[vii] at kondisyon ang Palising ito na salungat sa alinmang naaangkop na mga batas ng Pilipinas o alituntunin at patakaran ng Komisyon ng Seguro[viii], automatikong ang mga ito ay umaayon o umaalinsunod sa mga naturang batas.

---
[i] Premium
[ii] Insured
[iii] Cash benefit
[iv] Coverage
[v] Policy schedule
[vi] Maximum
[vii] Terms
[viii] Insurance Commission

MAHALAGANG PAALALA: Ang Komisyon ng Seguro na may tanggapan sa Maynila, Cebu at Davao, ang inatasan ng Pamahalaan na magpatupad ng lahat ng batas na may kinalaman sa Seguro at may pangangasiwa sa mga kompanya ng seguro o paseguruhan. Handa itong magbigay ng tulong, sa anumang oras, sa pagsasaayos ng mga bagay-bagay tungkol sa seguro na hindi pagkakasunduan ng Kompanya ng Seguro at Nakaseguro.